# 1

Pagod na nahiga sa kanyang kama si Karen. Wala pa siyang tulog. Umuwi lang siya upang magpalit ng damit. Na-confine na naman kasi sa ospital ang kanyang ina na si Dolores Carbajal.

May sakit sa puso ang ina at lalo pa iyong gumrabe nang pumanaw ang kanyang ama anim na buwan na ang nakakaraan dahil sa airplane crash.

Galing ang ama niya, si Theodoro Carbajal sa Japan, upang mahikayat ang mga Japanese investors sa import-export business nila. Ngunit hindi na nga ito nakauwi dahil bumagsak ang eroplanong sinasakyan nito pabalik ng Pilipinas.

Technical fault ang sinabi ng airline company. Inako ng airline ang mga gastusin sa paghahanap sa mga katawan ng mga namatay at ang pagpapabalik ng mga ito sa kani-kanilang mahal sa buhay. Nagbigay rin ang kompanya ng compensation sa mga naiwan ng mga yumao dahil sa sakuna.

Ngunit ganoon pa man ay hindi na naka-recover ang ina ni Karen sa pagkamatay ng kanyang ama.

Dahan-dahang iginupo ng panghihina ang katawan nito. At dahil may sakit ito sa puso ay labas-pasok ito sa ospital.

The business came second; ang inang Dolores ang priority niya ngayon. Kagaya ngayon, kailangan niyang mag-focus. Ang dami niyang trabaho. Ilang appointments na sa mga foreign investors ang na-cancel niya dahil hindi niya maiwan ang kanyang ina na mag-isa sa ospital.

Mabuti na lamang at napagdesisyunan ng mga magulang niya at ng mga kasosyo nila sa negosyo—ang mga Corpuz—na ipag-merge ang dalawang kompanya. Kaya naman ang panganay na anak ng mga ito na si Bryan Corpuz, ang siyang Chairman at CEO ng *CC Corp*. o *Carbajal-Corpuz Corporation* at nangangasiwa sa pagpapalakad niyon.

Import-export ng mga raw materials ang linya nila. Nag-i-import sila ng coals, oil at iba't ibang materyales mula sa Australia, Africa at Russia. Ipina-process ang mga raw products sa Pilipinas kagaya ng coals na pangunahing kailangan sa paggawa ng steel at ini-export naman nila ang mga ito sa America, Europe, China at Japan.

Siya ang in-charge sa production department

ng company. At dahil madalas siya sa ospital upang samahan ang ina ay si Bryan ang siyang nag-aasikaso ng departamento niya.

Sa edad na beinte dos ay nasabak na siya sa kanilang negosyo. Kaagapay niya ang kanyang ama sa pagpapalago niyon.

Halos mag-aanim na taon na ang nakakaraan mula noong makatapos siya sa kolehiyo ng kursong Business Administration at sabihin sa kanyang ama na handa na siyang tulungan ito sa pagpapalakad ng kanilang negosyo.

Muli ay may munting luha na tumulo mula sa kanyang mga mata. Hindi pa rin siya makapaniwala na pumanaw na ang daddy niya. Sobra siyang malapit sa kanyang mga magulang. Mahal na mahal niya ang mga ito. Lahat ay gagawin niya para lamang mapaligaya ang mga ito.

Minsan na siyang nagkamali. That was ten years ago. She was young and naïve at eighteen. Akala niya noon, lahat ay kaya niyang gawin dahil sa pag-ibig. Na ang matinding emosyon ay tama na para sumaya ang isang tao. Love conquers all, kumbaga.

Ngunit nagkamali siya.

Mapakla siyang napangiti. Hinding-hindi na siya muling papayag na malagay sa ganoong sitwasyon. O makaramdam ng ganoong ka-intense na emosyon. Hindi na niya mapapayagan na masaktan siya ng ganoon katindi ng sinumang lalaki.

Naligo at nagbihis si Karen. Tinungo niya ang kanyang opisina. Para siyang robot na de-susi. Hungkag ang kanyang damdamin. Ang pag-aalala sa kanyang ina ay bakas sa magandang mukha niya.

Ang medyo singkit niyang mga mata ay medyo namumugto dahil sa pinaghalong puyat at pag-iyak. Maliit at matangos na ilong ay bumagay sa hugis-puso niyang mukha.

Katamtaman ang laki ng kanyang bibig. Ni hindi na niya naisip pang maglagay ng lipstick sa mapula niyang labi. Makinis at maputi ang kanyang kutis.

Sa height na 5’4” ay nagmumukha siyang matangkad dahil sa magandang posture na nakasanayan. Hindi siya mahilig sa mga sapatos na may mataas na takong. Ang kanyang tuwid at maitim na buhok ay malapit nang umabot sa balakang niya.

Balingkinitan ang kanyang pangangatawan. Madalas pa siyang biruin ng kanyang ama noong nabubuhay pa ito na may ‘anaconda’ siya sa tiyan,

dahil kahit malakas siyang kumain ay hindi naman siya gaanong tumataba.

“Ma’am Karen, narito na po ang coffee n’yo,” bati ni Lourdes, ang kanyang sekretarya.

“Siya nga pala, Ma’am, tumawag po si Sir Bryan. On the way na daw po siya dito.”

Si Bryan Corpuz ay ang fiancé niya. Anak ito ng isa sa mga kaibigan at kasosyo sa negosyo ng kanyang ama. Nagkakilala sila two years ago. Ipinagkasundo sila ng mga magulang sa isa’t isa. Ngunit hindi naman sila minadali ng mga ito. Binigyan sila ng kanilang mga magulang ng pagkakataon na magkakilala at magkapalagayan ng loob. At sa loob ng isang taon ay iyon nga ang kanilang ginawa.

Matangkad, guwapo, mabait at maasikaso si Bryan. Alam niya na ang lalaki ay magiging mabuting asawa at ama sa magiging mga anak nila. On her part, ibinigay rin niya ang best niya upang masuklian ang kabutihan nito.

Walang fireworks o intense emotions. Pero at least may mutual respect. Kaya naman nang yayain siya nitong magpakasal ay tinanggap niya iyon kaagad. Bukod kasi sa magagandang katangian ng lalaki, alam din niya na ikaliligaya iyon ng mga

magulang. Isa pa, twenty-eight na siya, dapat lang na mag-umpisa na siyang bumuo ng sarili niyang pamilya.

Napatingin siya sa kaliwang kamay—sa kanyang palasinsingan ay ang engagement ring na ibinigay ni Bryan. Heirloom iyon. Ayon dito ay mula pa iyon sa ninuno nito na ipinasa from generation to generation ng panganay na anak na lalaki ng pamilya.

"Thank you, Lourdes. Patuluyin mo na lang si Bryan kapag dumating."

Ilang sandali pa ang lumipas at dumating na nga si Bryan. May pag-aalala sa mga mata nito. "How are you feeling, honey?" tanong nito sa kanya. "Look, Karen, if you can't make it tonight, my parents will understand. Considering na nasa hospital ang mommy mo."

Bahagya siyang ngumiti sa lalaki, napakabuti nito sa kanya. "But I can't miss your parents' anniversary celebration tonight. Nakausap ko si Mommy kagabi at sinabi niya na lalo siyang magdaramdam kung hindi ako dadalo. Sabi pa niya, hindi siya makakadalo kaya dapat na nandoon ako. And besides, announcement ng engagement natin, di ba?" Bahagya niyang tiningnan ang kasintahan at

marahan na idinagdag, “kailangan nating magpakita na united tayo para ma-gain natin ang confidence ng mga investors.”

Tumango ang lalaki. Ngumiti ito at marahang pinisil ang kanyang kamay. “Okay, as long as you are all right.”

Pareho silang business minded ni Bryan. Magkasundo sila sa pagiging praktikal. Walang romantic idealism. For practical and business purposes ang relasyon nila. Happy na siya roon.

*Sinungaling!* kastigo ng isip nya.

Iwinaksi niya ang naisip na iyon at hinarap ang kasintahan. “So, anong oras mo ako susunduin?”

“Would seven p.m. be okay?” Tinanguan niya ito. Naging seryoso ang lalaki and then, he started discussing business right away. “I forgot to tell you na I arranged a meeting with our Russian investor sa *Manila Hotel* today. We still have one hour to prepare. Dahil sa lumalaganap na pirating sa Africa ay dapat nating i-divert ang ating mga shipments,” paliwanag pa ng lalaki. “Nabalitaan mo naman siguro na maraming cargo ships ang ninanakawan ng mga pirates especially ang mga dumaraan patungong Kenya?”

"Yeah, I agree. I got the report last week. Hindi ko pa nga masyadong napag-aaralan dahil nga I was in the hospital with Mommy," sagot niya.

"You can scan the report on our way to *Manila Hotel*," suggestion ni Bryan.

Kinalap ni Karen ang mga papeles at inilagay sa isang brown envelope. Nagbilin siya sa kanyang sekretarya at saka sabay na sila ni Bryan na tinungo ang naturang meeting.

Bryan never denied that he was impressed with Karen's intelligence. Palagi nitong sinasabi iyon sa nobya. She knew that working alongside her dad, who was a very good businessman, has helped her a lot.

Maaga sila ni Bryan sa meeting place. Umorder sila ng maiinom habang hinihintay ang mga ka-meeting.

Mabilis na pinasadahan ni Karen ang report na hawak niya. Hindi naman nagtagal ay dumating ang mga kausap nilang tao. Inabot ng hanggang hapon ang meeting. Kapwa napagod sina Bryan at Karen.

"Honey, tutal four o'clock na ng hapon, siguro mas mabuti kung kumain na muna tayo. Baka kasi

hindi tayo makakain sa party later," mungkahi ni Bryan kay Karen.

"That's a good idea. Kailangan nating mag-recharge," biro ng babae.

Tumawag ng waiter si Bryan at ibinigay nila ang kanilang mga order. Napansin ni Karen na parang hindi mapakali ang nobyo at may nais itong sabihin sa kanya.

"Ano'ng problema, honey?" usisa ni Karen. "Parang hindi ka mapakali d'yan. I'm sure na regarding business 'yang ipinagkakaganyan mo. So spit it out."

Nag-aalinlangan itong tumingin sa kanya. "Alam ko na nasa hospital ang mommy mo. And I don't want to add any more burden. But I think you have to know." Huminga pa ito nang malalim. "Someone is buying as out."

Kunot ang noong tinitigan niya si Bryan. "What do you mean?"

"Someone bought forty percent of our shares. At sa nakakalap kong balita ay hinihikayat ng kung sinuman na iyon na ibenta ng iba pang shareholders ang kanilang shares on very high stakes." Tumingin

sa kawalan si Bryan. "Tayong dalawa, we own thirty percent of the company. But then, kung magtatagumpay kung sino man na ito na bumibili ng shares natin, I feel that a take over will happen." Humarap ito sa kanya at napakaseryoso ng anyo.

"Kaya nga we have to show a united front tonight," sagot ni Karen. "We have to maintain the confidence of our stockholders and gain the trust of other investors for us to stay on top. Huwag natin silang bigyan ng pagkakataon na mag-iba ng isip. With the global financial crisis, we need all the ammunitions that we can get."

"Alam mo, Karen, napakasuwerte ko at tinanggap mo ang alok ko na magpakasal tayo. Hindi man tayo in love sa isa't isa, we work well together." Ginagap nito ang kanang palad niya. "I promise I will take care of you and your mom. Hindi ka magsisisi sa desisyon mong ito, Karen."

"Bryan, we are both practical people. Ano ba ang love? Mababaw na emosyon na ginagamit ng ibang tao para lamang makuha nila ang gusto nila or para makapag-take advantage sa iba. At least sa ating dalawa, we both know where we stand. Walang pagkukunwari," matter-of-fact na paliwanag ni Karen.

Sinalubong niya ang titig ni Bryan. Minsan na nilang napag-usapan ang tungkol sa mga past relationships nila. Kagaya niya, minsan na rin itong nabigo sa pag-ibig.

Nagkagusto ito sa isang babae na hindi nabibilang sa alta sociedad. Hindi natanggap ng mga magulang nito ang babae at pilit pinaghiwalay ang dalawa. Pinilit nitong ipaglaban ang nobya ngunit bigla na lamang itong nawala na parang bula. Kung ano ang ginawa ng mga magulang ni Bryan ay hindi nito alam. Nagtungo ang lalaki sa Amerika matapos ang mahabang panahon ng paghahanap sa kasintahan. Hindi na nito natagpuan ang babae. Ilang taon din itong nagrebelde sa mga magulang. Ngunit ang dugo ay dugo. Muli ay bumalik ito sa mga magulang upang tulungan ang ama sa pagpapatakbo ng negosyo.

Matapos kumain, inihatid ni Bryan si Karen sa kanilang opisina. Naiwan kasi roon ang sarili niyang kotse.

"See you at seven p.m.," paalam ni Karen.

Tinanguan lang siya ng nobyo at umalis na. Tinungo niya ang sariling bahay at umuwi na sa bahay nila. May isa at kalahating oras pa siya bago ito bumalik. Naisip niyang magbabad sa bathtub

upang ma-relax ang sarili. Pinag-iisipan na niya ang strategy nila ni Bryan mamayang gabi sa party. Kailangang makumbinsi nila ang mga kasosyo at iba pang business associates na matibay ang kanilang samahan. Lalo pa iyong patitibayin ng kanilang pagpapakasal.

Humahalimuyak ang jasmine scent mula sa kandila na nakalagay sa paanan ng bathtub niya. Paboritong scent iyon ni Karen at galing pa sa ibang bansa. Mayroon din siyang jasmine-scented powder na parati niyang gamit.

*"I love your smell, babe. So fresh, so sexy."* Para pa niyang naririnig ang malamyos na tinig ng isang tao sa past niya.

Padabog siyang umahon sa bathtub at nagbanlaw. Naiinis siya sa sarili. Hindi niya dapat hayaan ang sarili na bumalik sa nakaraan. Siguro pre-engagament jitters lang iyon.

Normal lang ang nararamdaman niya. Marahil sa kaibuturan ng kanyang puso at isip ay sinisiguro niya sa sarili kung tama ba ang desisyon niya na pakasal kay Bryan.

Minsan nang nasaktan ang puso niya. Ngayon ay utak naman niya ang dapat niyang sundin.

Yellow-gold gown ang napili niyang isuot nang gabing iyon. Sleeveless iyon at square-cut ang neckline. Hantad ang bandang itaas ng kanyang dibdib. May kababaan ang tabas sa likod kaya kita rin ang halos kalahati ng makinis at maputi niyang likod. Hapit iyon sa katawan na nagpalutang sa magandang hubog niyon. Hanggang sakong ang haba ng dress niya.

Tinernuhan niya iyon ng silver three-inch stilettos.

Ang kanyang buhok ay hinayaan niyang nakaladlad. Umabot lamang ito lampas-balikat dahil kinulot niya gamit ang temporary hair curler. Hindi niya kinapalan ang kanyang makeup. At para sa final touch ay pearl earrings na korteng teardrops na may munting diamond sa ibabaw ang isinuot niya. Very elegant ang dating niya. Masaya siya sa kinalabasan ng kanyang ayos.

Naaalala pa niya ang palaging sinasabi noon ng ama, *"You portray what you are. If you feel and look successful, you will be successful. Hindi pakikinggan ng board members at investors ang boses mo kung ang mukha at tinig mo ay gusgusin."*

Muli, bahagya siyang nalungkot nang maalala

ang pumanaw na ama. *Para sa iyo ito, Dad. You will be proud of me.*

Five minutes to seven ng gabi ay dumating si Bryan. Bumagay rito ang suot na ternong amerikanang kulay itim. Lumutang ang pagka-mestizo ng lalaki.

Palagi kasing gray suit ang suot ng lalaki sa opisina. Ngayon lamang niya nakita itong nagsuot ng tuxedo. Siyempre espesyal ang gabi na iyon para sa kanilang lahat kaya napakapormal ng okasyon. At pawang mga nasa alta sociedad ng Pilipinas ang mga imbitado.

"You look gorgeous, Mrs. Corpuz-to-be," biro ni Bryan.

Kinilabutan siya bigla sa sinabi nito. The name sounded repelling to her. Muntik na niyang halbutin ang kamay niyang hawak nito. Mabuti na lamang at nakapag-isip siya bago pa niya iyon nagawa.

Hindi nga ba at magiging Mrs. Bryan Corpuz na siya in a few months' time? Wala pa silang nai-set na date dahil nga nagkasakit ang kanyang mommy. But soon, of course.

Pilit niyang itinataboy ang pangit na

pakiramdam… ang pagtanggi. *Be practical*, iyan ang palagi niyang sinasabi sa sarili. *Hindi ka masasaktan if you follow your head.*

After composing herself, ngumiti siya sa kasintahan. "You don't look too bad yourself, honey," ganting biro niya.

"Ready?"

"As can be."

Iginiya siya ng lalaki sa itim na *BMW* nito. Wala silang imikan sa loob ng sasakyan. Nakailang buntong-hininga rin si Karen habang pinipilit ikalma ang sarili.

Tinatanong niya ang isip kung tama ba ang kanyang gagawin. Oo, nasaktan siya noon at ayaw na niyang masaktan muli. Ngunit tama ba na pumayag siyang magpakasal sa praktikal na dahilan?

Ang sabi nila ang kasal ay hindi parang mainit na kanin na isusubo at iluluwa kapag napaso.

Isang malalim na buntong-hininga ang kanyang pinakawalan. Gumawi ang kanyang tingin kay Bryan. Seryoso ito sa pagmamaneho. Pinagmasdan niya ang lalaki. Matikas ito. Alam niya na mabait at responsible. Ngunit hindi tumitibok ang puso niya

para sa lalaki.

Humarap ito sa kanya at biglang ngumiti.

"We will make it work," sabi nito na para bang pareho sila ng naiisip. Hindi niya mawari kung siya o ang sarili ang kinukumbinsi nito.

Nanatili na lamang siyang tahimik hanggang sa marating nila ang mansyon ng mga Corpuz.

# 2

"Karen, we are so glad you made it," bati ni Alicia Corpuz na ina ni Bryan. Sosyal na sosyal ang ginang sa suot nitong pulang gown. Ang leeg at mga braso nito ay puno ng mamahaling alahas.

"We are sorry to hear about your mother. I'm praying for her immediate and full recovery," dagdag ng asawa nitong si Benigno.

Parang pinagbiyak na bunga ang mag-ama. Mataas lang nang bahagya si Bryan kaysa sa ama. Ngunit parang nakikita na niya ang magiging hitsura ng lalaki pagtanda nito.

"Naisip ko nga, Mama at Papa," umpisa ni Bryan, "dapat siguro ay i-postpone muna natin ang announcement ng engagement namin ni Karen. We have been engaged for over six months now. To wait for a little while won't harm. Pagbibigay-galang din sa mommy niya na nasa hospital ngayon at hindi makakadalo."

Nagkatinginan ang mag-asawang Corpuz.

"Sa tingin ko ay tama ang anak mo, Benigno," sang-ayon ni Alicia.

Napagkasunduan nilang apat na ipagpaliban na muna ang pag-announce ng engagement hanggang sa makalabas ng hospital ang mommy ng babae. Paghahandaan na lamang daw nila ang engagement party at sisiguraduhin na engrande iyon.

Nabawasan ang tensyon sa katawan ni Karen dahil doon. Alam niya na sigurado na ang utak niya na si Bryan ang para sa kanya. Ngunit parang bantulot ang kanyang puso. *Hindi bale*, naisip ng babae. May pagkakataon pa siya na ihanda ang sarili sa engagement party sa susunod. Siguro ay nagkakaroon lang siya ng tinatawag na 'cold feet'. Normal daw iyon sabi ng iba.

"O, bumalik na ang kulay ng mukha mo," nangingiting biro ni Bryan. Hindi na rin ito mukhang tensyonado.

"Ikaw nga d'yan, mukha kang kakatayin kanina," ganting biro ni Karen. "But thank you, Bryan. I really appreciate it."

Iniyukod ng lalaki ang ulo tanda ng pabirong pag-acknowledge sa pasasalamat ni Karen. "So, my dear Karen, shall we go and mingle with our friends?"

"Absolutely!"

Malaki ang garden ng mga Corpuz kung saan ginaganap ang party para sa anibersaryo ng kasal nina Alicia at Benigno. Sa tantiya niya ay higit sa isang daang katao ang naroroon.

Kung sinu-sino ang pinakilala ni Bryan sa kanya. Ang iba ay malalayong kamag-anakan ng pamilya nito. Ang iba naman ay prospective investors. Ngiti, tango, kamay at small talk ang kanilang ginawa ni Bryan sa halos isang oras na nakalipas. Masakit na ang panga ni Karen sa kakangiti. At medyo naririndi na rin siya sa kaartehan ng ibang mga babae na nasa party, matanda man o bata.

Ang makipag-business negotiation ay okay sa kanya, ngunit ang pilit na pakikipagsosyalan, hindi niya type!

Hindi siya ipinanganak na may gintong kutsara sa bibig. Nakita niya kung paano magpakahirap ang kanyang ama sa pagpapalago ng negosyo. Hindi siya spoiled nang siya ay lumalaki. Oo nga at sa private school siya pinag-aral ngunit kung ano lamang ang kailangan niya, iyon lang ang ibinibigay ng kanyang mga magulang.

Pagka-graduate niya sa college ay hindi siya nag-aksaya ng panahon na tulungan ang ama. At heto na nga sila, kasosyo na ang mga Corpuz at ang iba

pa nilang mga shareholders, na dapat ay pagtuunan ng pansin para hindi magbenta ng shares.

Kaya naman walang tigil ang kaka-smile niya. Mukha na nga yata siyang model ng toothpaste.

“Would you like a drink, Bryan?”

“Yeah, sige, ako na ang kukuha. What would you like?” baling nito sa kanya.

Obvious naman na nasa kalagitnaan ng diskusyunan si Bryan sa isa sa mga prospective investors nila kaya siya na ang nag-volunteer na kumuha ng kanilang maiinom.

“Huwag ka nang magpa-gentleman effect at alam kong nanggigigil ka nang makumbinsi si Mr. Yap na mag-invest sa *CC Corp.*,” bulong ni Karen sa kasintahan.

“You know me so well.” Bahagya pa nitong pinisil ang ilong niya sabay halik sa noo niya.

Sa kung sinumang makakakita ay super sweet ang dating niyon. Animo tunay na romantically in love sina Bryan at Karen. Kinabig pa siya ng lalaki sa baywang at saka ibinulong sa kanyang tainga, “Sa tingin ko, pang-*FAMAS* ang acting natin.”

“Pang-*Oscars* ’ika mo.” Nagningning sa

kapilyuhan ang mga mata ng dalaga.

Magalang siyang nagpaalam sandali sa kausap ni Bryan at tinungo ang mesa para sa mga inumin.

Sa di-kalayuan ay isang pares ng mga mata ang nakatitig sa magnobyo. Nagliliyab iyon dahil sa tinitimping galit. Ang moreno at ang guwapo nitong mukha ay parang sisiklab dahil sa kinikimkim.

*How dare she get herself engaged to someone else*, sabi nito sa isip. *Wala siyang karapatan dahil ipinangako na niya ang sarili niya sa akin.*

Bahagya itong natauhan nang kabigin ng babaeng kasama nito at igiya sa mesang kinauupuan ni Bryan.

Hindi napansin ni Karen na iba na pala ang kausap ni Bryan sa mesa nila sa kanyang pagbabalik. Maarte pa niyang ibinaba ang baso ng orange juice sa harap ng nobyo. Medyo tumalab na yata ang isang shot ng tequila na ininom niya sa bar bago bumalik sa mesa nila ng kasintahan. Sa hindi niya maintindihang dahilan ay hindi siya mapakali nang gabing iyon. Natetensyon siya. Kaya nga kinailangan pa niyang uminom ng alak pampalakas ng loob—Dutch courage, sabi nga.

“I got your drink, honey.” Ikinawit pa niya ang

braso sa kasintahan.

Nasisiyahang tinanggap ng lalaki ang inumin. Iminuwestra nito ang kamay sa mga kaharap.

Nakapaskil na ang practiced smile sa mga labi ni Karen bago pa hinarap ang mga kausap ng kasintahan.

"Honey, I'd like you to meet Ms. Sheila Gamboa, isa sa mga top models ng bansa. At ang kaibigan niyang si Dr. Joaquin Santillan, isa sa pinakamahusay na manggagamot, dito at sa Estados Unidos," bumaling ito sa pareha, "Ito naman ay ang aking fiancée, si Karen Carbajal."

Mabilis ang ginawa niyang pagtingin sa mukha ni Joaquin. Nakasalubong niya ang galit nitong titig. At para bang gusto nitong pilipitin ang leeg niya.

*Ang walanghiya! At bakit siya pa ang magagalit? Ako na nga itong niloko ng walang kuwentang lalaking ito.*

Ngunit hindi niya maikakaila na lalong gumuwapo ang lalaki. Mukha pa ngang tumaas pa ito nang ilang pulgada. Ang katawan nito ay well-muscled na ngayon na maaninag sa suot nitong tuxedo.

Gusto sana niyang sigawan na layuan siya ng lalaki. Bagkus ay muli siyang ngumiti at saka inilahad ang kanang palad una kay Sheila. Magiliw naman na tinanggap iyon ng modelo. Pagkatapos ay iniabot niya ang kamay kay Joaquin.

Sa halip na tanggapin iyon for a hand shake ay ikinulong ni Joaquin ang kanyang kanang palad sa dalawang kamay nito at saka itinaas sa mga labi at kinintalan ng halik. It was a very sensual kiss. Open-mouthed at bahagya pang pinaraan ang dila sa kanyang palad.

Isang libo at isang boltaheng kuryente ang dumaloy sa kanyang katawan dahil doon.

Para namang nabasa ni Joaquin ang nasa isip niya. Sigurado siya na naramdaman nito ang naging reaksyon niya. Ngumiti ito nang nakakaloko sa kanya.

“Napakasuwerte mo, Mr. Corpuz. Napakaganda ng fiancée mo,” baling nito kay Bryan. “Kailan ang kasal?”

“Wala pa kaming set date. But engaged na kami for more than six months,” singit ni Karen. Bahagya pa niyang idiniin ang mga salita. Gusto niyang ipamukha sa lalaki na matagal na silang nagbabalak

na magpakasal. Sinadya pa niyang ipakita rito ang engagement ring niya.

Hindi nag-comment si Joaquin. Itinaas lang nito ang kilay. Relaxed na relaxed naman si Bryan. Hindi malaman ni Karen kung manhid ang nobyo. Kahit sino sigurong normal na tao ay mararamdaman ang electricity between her and Joaquin. Si Sheila nga na mukhang friendly sa kanya sa umpisa ay para nang tuko na nakakapit sa braso ng kasama. Kulang na lang ay kubabawan nito ang lalaki at ipagsigawan sa mukha niya na pag-aari nito si Joaquin.

Siguro kung nakamamatay ang tingin ay kanina pa siya nakabulagta at pinaglalamayan dahil sa nakamamatay na tingin ni Sheila sa kanya.

After some time ay nagsalita rin si Bryan. "Hindi pa kasi namin maasikaso ang wedding date. I'm not sure if nabalitaan n'yo na Karen's dad passed away six months ago. 'Tapos ang mommy niya ay nasa hospital. I don't think it is appropriate to talk about wedding plans at this point."

Muli ay bumalik ang nakapapasong mga titig ni Joaquin sa kanya. Marahan lang itong tumango.

"Ms. Gamboa, Dr. Santillan… please excuse us. Bryan, mukhang tinatawag na tayo ng parents mo,"

sabad niya.

Lumipas ang maraming oras. Habang lumalalim ang gabi ay walang humpay ang pakikipagchikahan at pakikipagplastikan ni Karen sa mga amiga ng mga magulang ni Bryan. Dumating ang point na talagang pagod na siya.

Hinanap niya ang kasintahan upang magpaalam dito. She really needed her bed right at that moment. Sumasakit na rin ang ulo niya. Nakaapat na shots yata siya ng tequila, isang kopita ng margarita at dalawang lagok ng champagne. Iyon na yata ang pinakamarami niyang nainom na alak sa tanang buhay niya. Super tensed siya at ang lahat ng iyon ay isinisisi niya kay Joaquin Santillan—ang lalaking gusto na niyang kalimutan. At sa sinamaang palad ay muli niyang nakaharap.

Ten years. Kumbinsido siya noon that she had gotten over him. Ngayon niya napagtanto na mali siya. He was still under her skin and everything—including all her unwanted emotions—were resurfacing again.

"Ipapahatid kita sa driver," kapagkuwan ay sabi ni Bryan. Nasa may front door na sila noon.

"Naku, kawawa naman si Mang Carlitos.

Pagpahingahin mo na lang 'yung driver mo. Magtataxi na lang ako."

"No way! Ihahatid na kita."

"Paano ang mga bisita n'yo?"

"I'm sure nandito pa ang mga 'yan pagbalik ko."

"Ano ba? 'Wag na. Sanay naman akong magtaxi."

Sasagot pa si Bryan nang may nagsalita mula sa likuran nila. "Ako na lang ang maghahatid sa fiancée mo, Bryan. Tutal, pauwi na din naman ako," mungkahi ni Joaquin.

Lumakas ang kabog ng dibdib ni Karen. Sa pagkakaalam niya ay kanina pa ito umalis kasama si Sheila. Nagpa-panic na tumingin siya sa nobyo. Ngunit kay Joaquin ito nakaharap.

"Kung okay lang sa 'yo, pare. Ako na nga sana ang maghahatid dito kay Karen. Sobrang busy din sina Mama at Papa sa pag-aasikaso sa mga bisita. Hindi ko rin maiwan."

Pumayag si Bryan! Pumayag si Bryan na ihatid siya ni Joaquin! Kulog na dumagundong sa kanyang isipan ang nangyayari. Bago pa man siya makatanggi ay lumalakad na silang tatlo patungo sa *Lexus* four-

wheel drive ni Joaquin. Ipinagbukas pa siya ng pinto ng nobyo at inilalayan papasakay sa front passenger seat.

Yumukod si Joaquin sa kanyang harapan upang abutin ang seatbelt niya. Malapit na malapit ang mukha nito sa mukha niya. Parang malalagutan siya ng hininga. Ipinikit niya ang mga mata. Narinig niya ang pag-click ng seatbelt niya.

Iminulat niyang muli ang mga mata. Nakita pa niya na gumalaw nang bahagya ang mga labi nito na para bang nasisiyahan.

Nakalabas na sila ng exclusive village kung saan nakatira ang mga Corpuz nang magsalita si Joaquin, "Hindi ka ba nagugutom?"

Nais sana niyang ignorahin ang lalaki. Pero gusto na niyang umuwi. Kailangan ay idistansya niya ang sarili rito. Natatakot siya na hindi niya mawari. Kaybilis ng mga pangyayari. Pinilit niyang kalimutan ang lalaki—ang masakit na nakaraan. Ito ang pinakahuling taong gusto niyang makita sa balat ng lupa!

Pero heto sila at magkasama...

Tinatanong siya nito kung nagugutom daw ba siya. Parang wala silang masaklap na pinagdaanan

kung umakto ito… parang okay lang sila.

“Masakit ang ulo ko. Gusto ko nang umuwi,” angil ni Karen.

“’Yan ang napapala mo. Sigurado ako na walang laman ’yang tiyan mo. Tapos, para kang imbudo kung tumungga ng alak. Babe, hindi ka naman sanay uninom.”

Kumudlit ang puso ni Karen dahil sa pagtawag nito sa kanya ng endearment. Iyon ang tawagan nila noon sa isa’t isa. Bigla siyang nainis sa kilig na naramdaman. Sinaway niya ang sarili at inis na hinarap ang lalaki. Ikinagulat din niya na alam nitong marami siyang nainom.

“Hoy, lalaki! Wala kang karapatan pansinin ang mga ginagawa ko. Hindi kita kaanu-ano. ’Yon ngang fiancé ko, hindi ako sinusumbatan, ikaw pa!”

Hindi kinagat ni Joaquin ang pagtataray niya. “Bilib din ako kay Bryan. Pumayag siya na ihatid ka ng ibang lalaki. Kahit pa sabihin na magkakilala ang mga pamilya namin…”

“Malaki ang tiwala namin sa isa’t isa.”

“Tiwala na wala kang inilaan para sa akin.” Halos mag-igtingan ang mga ugat sa leeg ni Joaquin.

"Past is past, Joaquin. Huwag na tayong mag-post-mortem ng naunsyami nating relasyon."

Natahimik ito sandali. Ngunit hindi pa pala tapos ang lalaki. "Anyway, kung ako ang fiancé mo, wala ka sa kotse ng may kotse."

Hindi na sana niya sasagutin ang pain ng lalaki, ngunit kumala na ang tanong bago pa niya napigil ang sarili. "Puwes, nasaan ako?"

"Nakatali sa kama ko. Nasa ilalim ko at isinisigaw ang pangalan ko."

Natulala si Karen sa pakahulugan nito. Nang mag-sink-in ang ipinahihiwatig ng binata ay nag-init ang buo niyang katawan. Alam niya na nag-blush siya mula ulo hanggang sa kaliit-liitan ng kanyang mga daliri sa paa. Nariyan na naman ang munting kilig sa kanyang dibdib.

Nag-alis si Karen ng bara sa lalamunan bago muling nagsalita. "May malapit na *Pizza Hut* sa bahay namin. Twenty-four hours na bukas 'yon. Sigurado naman na wala nang restaurant na bukas dahil alas dos na ng madaling araw."

"Sige, i-take out na lang natin. 'Tapos, sa bahay n'yo na lang natin kainin para makatulog na tayong dalawa."

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Look, nasa Antipolo ang bahay mo. San Jose Del Monte pa ang bahay ko. Alangan namang pagmanehohin mo pa ako pauwi gayung nagmagandang-loob na nga ako na ihatid ka? Nasaan naman ang puso mo?”

“Aba’t! Hindi kita pinilit na ihatid ako, Mister!”

“Nevertheless, I played the knight in shining armour. A little consideration would be appropriate. Sigurado naman ako na hindi lang iisa ang kuwarto sa bahay n’yo.”

Pakiramdam ni Karen ay lalong sumakit ang ulo niya. Sa tanang buhay niya ay hindi ito ang expectation niya sa muli nilang pagkikita ni Joaquin. Inaasahan niya na sobra ang galit nito sa kanya. Inaasahan niya na iignorahin siya ng lalaki na para bang hindi sila magkakilala. Ngunit hindi niya inaasahan na ganito—na para bang magkaibigan sila. Nakukuha pa ng lalaki na magbiro.

“Kung nagbibiro ka ay hindi nakakatawa.”

“Mukha ba akong nagbibiro?” sagot ni Joaquin. “Tingnan mo nga ang eyebags ko, malaki pa sa plato. Mukha na nga akong ‘the living dead’ sa pamumutla.”

Nadala na rin siya sa lightness ng mood ng lalaki. “Anong pamumutla? Eh, maitim ka pa sa puwit ng kalderong nasunog,” ganting biro ni Karen. Hindi naman kaitiman si Joaquin. Ngunit moreno ang kulay nito. Pinoy na Pinoy ang dating. Ganoon pa man ay makinis ang kutis nito. Nakadagdag lamang sa appeal nito ang complexion nito. Kaya naman marami ang nahuhumaling sa lalaki.

*Isa na ang maganda at sikat na model na si Sheila Gamboa*, bulong ng isip ni Karen.

Kinastigo niya ang sarili. Wala siyang karapatang magselos. Hindi na sa kanya ang puso nito. Gayundin naman siya—engaged na siya kay Bryan.

“Ah, ganoon? Heto ako, sa loob ng ilang taon, ang buong akala ay tumalab ang walang humpay na pagpapaeskoba ng buong katawan ko sa Amerika para lamang pumusyaw, negro pa rin pala ang tingin mo sa akin?” kunwa ay nasasaktan na sabi ni Joaquin. “Ang mga talapindas na dermatologists sa Amerika, kinuwartahan lang pala ako.”

Ang lakas ng tawa ni Karen. Masarap sa pakiramdam. Para na siyang nabunutan ng tinik. Marahan siyang tumingin sa mukha ng lalaki habang patuloy pa rin ang kanyang pagtawa. Nakatawa rin ito ngunit ang mga mata ay nakatutok sa daan.

Closure. Tama, iyon ang kailangan nila para kapwa na sila makapag-move on. Itinuro ni Karen ang direction papunta sa bahay niya. Dumaan muna sila sa *Pizza Hut* at nag-take out ng pizza.

Pagdating sa bahay ni Karen, nagtimpla siya ng hot chocolate para sa kanilang dalawa ni Joaquin at saka nila pinagsaluhan ang pizza na binili nila.

Sa pinakadulong guest room niya pinatulog si Joaquin. Ginugulo nito ang isipan niya at gusto niyang makapagpahinga kaya kailangan niya ng space.

Tumaas ang kilay ng lalaki nang makita na tatlong silid ang pagitan nila ni Karen.

Mataman itong tumitig sa kanyang mukha at saka pumasok ng guest room.

"Good night, babe," paalam nito.

Deadma si Karen. Kunwari ay hindi niya narinig iyon. Dumerecho siya sa ensuite sa kanyang kuwarto at nag-shower. Pagod na pagod siya.

# 3

Siguro ay mag-iisang oras na siyang pabiling-biling sa higaan. Ewan ba naman ni Karen kung bakit hindi siya dalawin ng antok. Pagod na pagod siya kanina. Pagkatapos, heto siya at parang zombie na mulat na mulat ang mga mata.

Kumusta naman kaya si Joaquin? Natitiyak niya na himbing na itong natutulog ngayon. Parang tukso na bumalik sa kanyang isipan ang nakaraan…

Seventeen years old siya nang magkakilala sila ni Joaquin.

First year college sya sa kursong Business Administration sa *St. Paul College of Manila*. Sa San Jose Del Monte pa sila nakatira noon. At dahil malayo ang kanilang bahay sa eskuwelahan ay pumayag ang kanyang mga magulang na sa dormitoryo siya tumira.

Panatag ang loob ng mga magulang niya dahil bukod sa exclusive for girls ang kolehiyo at dormitoryo ay palakad pa iyon ng sobrang higpit na mga madre ng *St. Paul*.

Doon niya nakilala si Joanne May Santillan.

Madaldal ito at madaling makagaanan ng loob. Naging dormates sila at classmates din.

Magkasundo sila nito sa mga bagay. Weird man pero para silang kambal. Pareho ng likes and dislikes.

Natutuwa siya kapag nagkukuwento si Joanne tungkol sa pamilya nito. Sinabi nito sa kanya na may kakambal itong lalaki. Joaquin ang pangalan nito. Ayon kay Joanne ay nasa first year college din ito sa *Ateneo de Manila* at kumukuha ng pre-medicine course.

Magkaibang-magkaiba si Joanne at ang kakambal nito na sa picture niya unang nakita. Kung mukhang laba sa *Perla* sa kaputian si Joanne ay siya namang Pinoy na Pinoy na kulay ni Joaquin. Nakadagdag lamang sa appeal nito ang mala-caramel na balat. Guwapo ito at may biloy sa magkabilang pisngi.

Ngunit mukha itong palikero. Sigurado siya roon.

Isa pa, hindi niya type ang mga moreno.

First time niya na mapupunta sa bahay ng mga Santillan nang mag-debut ang kanyang kaibigan.

Fresh na fresh siyang tingnan sa peach gown na suot niya noon. Hindi siya nakasali sa cotillon dahil

tinutulungan niya ang mommy niya sa maliit na business na naumpisahan ng mga magulang niya.

Sinalubong kaagad siya ni Joanne sa pintuan ng bahay nito. Maririnig ang maingay na musika sa background. Ipinakilala siya kaagad ng kaibigan sa mga kaibigan at sa buong clan ng Santillan. At napag-alaman niya na mas guwapo pala sa personal ang kakambal ni Joanne na si Joaquin. Ngunit dahil mas type niya ang mga mestisuhin ay nabighani siya sa pinsan nitong si Klem. Tatlong taon ang tanda nito sa kanya. Pero may girlfriend na pala ito.

"I know, sis," ani Joanne. "Two weeks na daw mag-on sina Kuya Klem at ang Veronica na 'yan."

"Okay lang, nandito naman ako," singit ni Joaquin sa usapan nila.

"Hay naku, bro, tsupi ka na. Hindi type ni Karen ang mga negrong tulad mo. Kahit pa magka-birthday pa tayo."

Tumawa lang ito. Ngunit hindi na nito tinantanan si Karen simula nang gabing iyon. Todo-bakod ang ginawa ng lalaki para walang ibang makalapit sa kanya.

Napadalas din ang pagdalaw ni Joaquin sa dormitoryo ng kapatid. Madalas nitong yayaing

lumabas ang dalawa kahit pa mid-week. Hindi nagtagal ay nagtapat ito ng nararamdaman sa kanya.

Sa umpisa ay asiwa ang dalaga dahil naging magkaibigan na rin sila ni Joaquin. Ngunit nakuha ng lalaki ang loob ni Karen. Hindi nagtagal ay sinagot niya ito. Sobra ang pag-aalaga na ginawa nito sa kanya. At hindi sinasadyang nahulog nang lubos ang loob niya sa nobyo.

Bago mag-eighteenth birthday ay dumating ang ama ni Karen mula sa pagtatrabaho abroad. Pinaghandaan ng mga magulang niya ang kanyang kaarawan. Siyempre, ever present sina Joanne at Joaquin.

“Babe, p’wede ba tayong pumunta sa garden n’yo?” malambing na tanong ni Joaquin sa kanya.

“Ano na nama’ng kapilyuhan ang nasa isip mo, Mr. Joaquin Santillan? Isipin mo na may mga bisita ako na dapat asikasuhin,” pakipot na sagot ni Karen. Pero alam niya na kahit saan siya dalhin ni Joaquin nang oras na iyon ay sasama siya. Mahal na mahal niya ang lalaki. Halos mag-iisang taon na silang magkasintahan nito.

“Sino ang pilyo? Ikaw nga d’yan. Kanina mo pa ako tsinatsansingan. Hawak ka nang hawak sa

kamay ko. Akala mo yata hindi ko nahahalata na nagte-take advantage ka sa kahinaan ko."

"Loko!" Hinampas niya sa braso ang nobyo.

Sumeryoso ang mukha ng lalaki. Nasa gitna na sila ng garden ng mga Carbajal noon. May inilabas itong maliit na kahita at saka lumuhod sa harapan ni Karen.

"Alam kong sasabihin ng iba na mga bata pa tayo," panimula ng binata. "Pero wala sa edad iyon. Ramdam ko na ikaw ang babae na para sa akin. Gusto kitang makasama hanggang sa ang buong katawan ko ay inaatake na ng rayuma. Karen, babe, please marry me."

Hindi napigilan ni Karen ang pagdaloy ng luha—luha iyon ng kaligayahan. At eighteen, alam niya nang si Joaquin ang lalaki para sa kanya. Mahal na mahal niya ito. Kaya naman walang pag-aalinlangan na tinanggap niya ang proprosal ng nobyo.

Kinagabihan ay kinausap ni Karen ang mga magulang tungkol sa engagement. Nabigla ang mga ito.

Since napalapit sa kanyang ina ang magkapatid na Joanne at Joaquin ay boto ito sa lalaki. Pinagtulungan nilang mag-ina na kumbinsihin ang

kanyang ama. Ipinangako niya rito na magtatapos siya ng pag-aaral at tutulong sa kabuhayan ng mga magulang. Napahinuhod din nila si Theodoro Carbajal.

Hindi nagtagal ay namanhikan nga sina Joaquin kasama si Joanne at ang mga magulang. Magiliw ang ina ni Karen sa mga Santillan. Pormal naman na pinakiharapan ng kanyang ama ang mga bisita. Kapwa ipinangako nina Joaquin at Karen sa kani-kanilang mga magulang na magtatapos pa rin sila ng pag-aaral.

Napagkasunduan na i-set ang wedding date pagkaraan ng dalawang buwan. Sa ganoon ay summer vacation na.

Sinadya ni Theodoro ang anak sa kuwarto nang makaalis ang mga Santillan.

"Sigurado ka na ba d'yan, anak, sa desisyon mo?"

"Sure na talaga ako, Daddy. Alam ko na sasabihin mong masyado pa akong bata para malaman kung true love or infatuation lang ito. Pero nakatitiyak ako na mahal ko talaga si Joaquin. Siya ang gusto kong makasama sa habambuhay."

Tahimik na tinitigan ni Theodoro ang anak.

"Parang sasabog ang puso ko sa sobrang saya isipin ko lang na makakasama ko si Joaquin nang habambuhay. Sigurado ako na ganyan ang nadarama mo para kay Mommy, di ba, Daddy?"

Pumaling ng tingin si Theodoro. "May dalawang buwan ka pa para mag-isip, anak. Hindi lingid na mayaman ang mga Santillan at alam ko na hindi ka pababayaan ni Joaquin. Ngunit mas maganda sana na ma-enjoy mo ang iyong kabataan."

Pilyang ngumiti si Karen. "Dad, kay Joaquin lang, enjoy na ako."

"Pag-isipan mong mabuti, Anak." Iyon lang at lumabas na ito ng kanyang silid.

"ILAN ANG gusto mong maging anak?" untag ni Karen kay Joaquin. Nasa boarding house sila noon ng lalaki. Biyernes ng hapon at dumerecho na siya sa tinutuluyan ni Joaquin malapit sa eskuwelahan nito para sabay na silang umuwi ng San Jose Del Monte. May sariling sasakyan ang lalaki.

Nakaupo siya sa kama ng kasintahan samantalang nakaluhod naman ang lalaki sa harapan niya. Halos magpang-abot ang kanilang mukha. Sa taas ni Joaquin na 5'11" ay muntik lamang siyang umabot

sa balikat ng lalaki.

"Gusto kong bumuo ng isang soccer team."

"Eleven!" Napamulagat si Karen.

"Hmm, kaya Mrs. Karen Carbajal-Santillan, maghanda ka na."

"Kakainis, papagurin mo pala ako."

"Anong papagurin? Papaligayahin 'ika mo. Gabi-gabi."

"Puro ka biro. Tara na, bago pa tayo gabihin sa daan."

"Pa-kiss muna."

Pinagbigyan niya ang lalaki. Akala niya ay smack lang ang ibibigay nito sa kanya.

Nanginig ang buong katawan niya nang tahasin nitong ipasok ang dila nito sa bibig niya. Bago para kay Karen ang ganoong pakiramdam. Nagustuhan niya iyon at mabilis na natutunan. Ginaya niya ang kasintahan.

Gumapang ang mga labi ni Joaquin sa kanyang pisngi. Bumaba iyon sa kanyang leeg. At muling gumapang pababa. Hindi niya matiyak kung kailan nito nabuksan ang mga butones sa harapan ng

kanyang school uniform.

Napadaing si Karen nang sakupin ng bibig nito ang kanyang kanang dibdib. Nang akala niya ay malalagot ang kanyang hininga ay lumipat ang bibig nito sa kabilang dibdib niya.

Mahigpit ang pagkakahawak niya sa buhok nito. Natutupok na ng init ang buo niyang katawan.

"Joaquin!" padaing na tawag niya sa pangalan ng kasintahan.

Huminto ang lalaki sa ginagawa. Inayos ang kanyang bra at isa-isang isinara ang butones ng kanyang blouse.

"Awat muna," paos ang tinig na sabi nito. "Sa honeymoon na lang. Dalawang buwan na lang naman, eh. Kaya ko pa."

Nakagat ni Karen ang pang-ibabang labi. Kapwa sila naapektuhan sa nangyari.

First time iyon na lumampas sila ng lalaki sa boundary. Mabilis ang paghinga nito at namumula ang mukha. Nagtitigan sila at saka sabay na tumawa, pinipilit na ikalma ang mga sarili.

Mahigit isang linggo na mula noong mamanhikan sina Joaquin sa kanila. Napapansin niya na tahimik

palagi ang ama. Hindi ito nanunumbat ngunit wala ring sinasabi. Patuloy ang assurance na ibinibigay niya rito na tutuparin pa rin niya ang mga pangarap nito sa kanya kahit pa may-asawa na siya.

Martes. May usapan sila ni Joaquin na magkikita sa boarding house nito. Kakausapin nila ang kaibigan nitong pari na siyang napili nila na mag-officiate ng mass para sa kasal nila.

Dumerecho na siya sa kuwarto ng kasintahan. Tutal ay may susi naman siya. Laking gulat niya nang pagbukas niya ng pinto ay makita si Joaquin na may katalik na babae. Kapwa hubo't hubad ang dalawa. Nasa ibabaw ang babae at umiindayog. Para pang nakakaloko na tumingin ang babae sa kanya at ipinagpatuloy ang pag-indayog. Hindi niya nakita ang mukha ni Joaquin dahil nakatalikod ito sa pinto.

Nagmamadali niyang nilisan ang lugar. Ilang araw pagkatapos ng nangyari ay nakipaghiwalay siya sa lalaki.

"Maniwala ka, hindi ko kilala ang babaeng iyon. Sigurado ako na walang nangyari sa amin. Nang magising ako, napakasakit ng ulo ko. Pero sigurado ako na nakasuot ang briefs ko. May isang estranghera na nagbibihis sa kuwarto ko. Ni hindi ito nagpakilala or nagpaalam man lang, basta umalis na lang."

"Come on, Joaquin. You can do better than that! Akala mo ba ay boba ako? Itigil na natin ito. Umuwi ka na at gusto ko na ding magpahinga. Mahiya ka naman sa mga parents ko. Mabuti nga pinatuloy ka pa nila pagkatapos ng ginawa mo."

"Don't you trust me?" hamon ni Joaquin.

"Ano sa tingin mo?" Sinalubong niya ang titig nito.

Ilang ulit pang nagpabalik-balik ang binata sa bahay nila. Ngunit hindi na niya ito hinarap. Umiiyak at nagmamakaawa ang lalaki na harapin niya. Ngunit nanatili siyang bingi. Parang hinihiwa ang puso ni Karen sa tuwing dudungaw siya sa bintana at makikita ang ayos nito. Umulan at umaraw, naroon ito sa gate nila. Nakatanghod sa kanya.

Lumipat sila sa Antipolo. Umalis siya ng dormitoryo. Nang sumunod na semester, hindi na niya nakita si Joanne. Ang balita niya ay nagtungo ng Estados Unidos ang buong pamilya nito para roon na manirahan.

Nagbalik ang isip ni Karen sa kasalukuyan. Patuloy ang pagtulo ng kanyang luha. Bukas na bukas ay kakausapin niya si Joaquin. Kailangan nilang magkapatawaran. Para makapag-move on na

sila pareho. Baka nga maging magkaibigan pa sila.

Sa wakas, ginupo na siya ng antok.